# Ang Turo Ni Tatay

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Paglaki mo magtatrabaho ka sa bangko,wika lagi ni Tatay, sa mura kong isipan hindi ko nga naiintindihan ang gawain ng nagttrabaho sa bangko,basta ang alam ko lang maglaro pumasok sa eskwelahan, para makapag tapos ng pag aaral,kung ano ang kasunod hindi ko na alam.

Dapat maging lider ka ng iyong mga kapatid,at pinaka matibay para pag dating ng araw maaari ka nilang sandalan,huwag kang basta iiyak ng walang matinding dahilan palakasin mo ang iyong bagwis sa panahon ng iyong kahinaan lagi kang manalangin turo din nya.

Naiisip ko nakakainis araw-araw iba iba ang nais nyang taglayin ko,gusto lang maging relax at isipin kung anu lang ang kasalukuyan,pero araw-araw marami syang pilit sinisilid sa aking murang isipan,araw araw ibat ibang aral sa buhay binato sa akin.

Matuling lumipas ang mga araw,buwan at maraming mga taon,may mga nagbago na ang buhay may mga dumating,umalis at nawala kasama na doon si tatay.ngayon nauunawaan ko na ang kanyang mga pagtuturo, mga aral at payo na binibgay nya sa akin.

Nauunawaan ko na ang kahalagahan ng pag sunod at pakikinig sa payo ng magulang,marahil kung hindi dahil sa kanyang mga ral siguro hindi ako

makakapagtapos ng pag aaral at hindi magkakaroon ng maayos na trabaho para sa aking pamilya

Hindi ko sana mauunawaan ang hiwaga ng buhay,ng pagsisikap at pakikipagsapalaran upang ang tagumpay sa buhay ay makamtan.

Maraming salamat sa turo ni tatay na habang buhay kong pinasasalamatan.